# Huwag kalimutan ang final tax returns!

Ang leaflet na ito ay batay sa inpormasyon mula sa National Tax Agency website.

**Panahon ng pag-file para sa taong 2023**

## PEB 16, 2024 (Biernes) ～ MAR 15, 2024 (Biernes)

*Kung palyado sa pag-file sa deadline, siguruhin ang mag-file sa lalong madaling panahon. May dagdag sa anumang tax na hindi bayad matapos mag-file, may dagdag na pataw sa mga hindi nag-file. Para sa mga hindi kailangan na mag-file ng tax return, pero nais mag-file para makatanggap ng sauling bayad ay puedeng mag-file hanggang limang taon mula Enero 1 para sa susunod na taon. Samakatwid, kung hindi pa kayo nag-file ng tax return mula sa taong 2019 mayroon ka pa hanggang Disyembre 31, 2024.




## Ano ang final tax return?

Ang income tax return ay paraan kung saan ang taxpayer ay kinakalkula ang ① halagang kinita sa isang taon mula Enero1 hanggang Disyembre 31, at ② halaga ng income tax, at iayos ang sobra o kakulangan kung mayroong tax withheld sa pinagmulan o kalkuladong tax na paunang bayad.

## Sino ang kailangang mag-file ng final tax return?

Ayun sa tuntunin, ang sumusunod na mga tao ay kailangan na mag-file ng final tax return.

**① Mga taong may trabaho at kinikita**

*Para sa karamihang tao, ang income tax ay binabayaran sa "year-end adjustment" kung saan ito ay pinangangasiwaan ng mga employer, kaya hindi na nila kailangan na mag-file ng final return.

**② Mga taong samut-samot lang na kita na kaugnay sa mga pensyon, atbp.**

**③ Mga taong may retirement income**



*Tandaan ang mga tao na liban sa nasa itaas ① hanggang ③ ay kakailanganin mag-file ng final tax return.

**TALA:** Ang taong may suweldong kita na 20 milyon yen pababa, taong tumatanggap ng suweldo mula sa iisang lugar, at kung saan na ang buong kita ay sakop ng withholding tax, at kung saan na ang kita ay bukod sa employment income at retirement income ay 200,000 yen pababa, sa ibang mga kaso, maaari nang hindi na mag-file ng tax return.

## IHANDA AT IBIGAY ANG TAX RETURN

Maaari mong ma-access ang National Tax Agency's Final Tax Return Preparation Corner at gawin ang inyong final tax return sa inyong computer o smartphone. Ang mga sumusunod na opsyon ay magagamit para sa paghaharap o submission:

① **Ibigay gamit ang e-Tax** (My Number card o ang ID/password na bigay ng tax office ay kailangan.)

② **i-Print at ipadala sa Koreo (o ibigay ng personal)**

### SANGGUNIAN

① **Maaari kang gumawa ng final tax return sa bahay! Tax Return Filing Manual (2023)**
**Wika**: Ingles, Tsina (Pinadali/ Tradisyonal), Biyetnam, Nepal, Portuges
https://www.nta.go.jp/taxes/shiraberu/shinkoku/tebiki/2023/foreigner/index.htm

② **2023 Income Tax** (at Special Income Tax for Reconstruction) **Guide**
**Wika**: Ingles
https://www.nta.go.jp/english/taxes/individual/index.htm

③ **Para sa mga nag-aaplay ng eksemsyon para sa mga dependent na hindi nakatira sa Japan**
**Wika**: **Nihongo**, Ingles, Tsina, Biyetnam, Tagalog, Espanyol, Portuges
https://www.nta.go.jp/publication/pamph/gensen/gaikokugo/02.htm